

タガログ語版
Tagalog

Para sa international na pamilya

# Bago pumasok sa elementarya ng Japan

(Mga Gastos sa Edukasyon)





## Suggestion ng Pag-iipon ng pera

~Para sa magandang kinabukasan ng anak~

Sa Japan, karamihan ay nagpatuloy ng pag-aaral pagkatapos ng kompulsaryong edukasyon. Ngunit magastos ang pagpapatuloy ng pag-aaral sa Senior high school , college o vocational school. Kaya maaari kayong mababalisa o'mag-alala kung ano ang iyong gagawin.

Alamin nang maaga kung magkano ang gastos ng edukasyon, at simulan ang pag-iipon ng unti-unti bawat buwan mula pa sa elementarya na hindi gaano magastos. Makabubuti ding alamin ang iba't ibang supporting system at paraan nito. Ang mga Hapon ay hindi gaanong nagsasalita tungkol sa pera sa publiko, pero karamihan ay **"kotsu-kotsu"**(unti-unting) nag-iipon. Mag-ipon ng maaga para matupad ang pangarap ng iyong anak!!

★Pakibasa rin po ang edition ng "Pamumuhay", "Pag-aaral","Edukasyong Sistema"

# ~Ang kompulsaryong edukasyon ay **libre**! O' hindi?!~

Sa Japan, sinasabing "kahit sino ay maaaring mag-aral nang libre" kapag isang public elementary school at junior high school. Ngunit hindi ibig sabihin na hindi magbabayad maski ¥1




## ● Halimbawa: Mga kailangang bagay sa elementarya

### Mga gamit na dapat ihanda bago mag-enroll (halimbawa)

Mahal ito ngunit maaaring gamitin sa loob ng 6 na taon → Randoseru (school bag)

PE shirts, gym shoes, indoor shoes, red white cap atbp ← Habang lumalaki ang bata kailangang bumili ng bago



### Mga regular na babayaran (halimbawa)

Lunch, School materials (depende sa pangangailangan), deposit (depende sa grado at aktibidad sa school gaya ng camping at trip, iba-iba ang halaga.) atbp ← Ibabawas ito mula sa iyong bank account

### Iba pang mga gastos (halimbawa)

Bilhin ang bago kapag natapos na itong gamitin → Stationaries, writing notebook atbp

painting set, calligraphy set, flute, keyboard harmonica, sewing kit, compass, swimming wear atbp ← Bibilhin ito kapag sinabi ng school

Tulad ng itaas, magastos din para mag-aral ang anak sa elementary school. Pero Inirerekomenda namin **na mag-ipon ka ng pera** para sa kinabukasan ng iyong anak **simula sa elementarya**!

# Dahil kakailanganin mo ng mas maraming pera sa junior high at Senior high school!

Total amount ng kinakailangang gastos ng pag-aaral para sa isang taon (※1)
(public high school)

**Elementarya about ¥320,000**

**Maraming dagdagan!**

**Junior high about ¥490,000**
**Senior high school about ¥460,000**

（参照：平成 30 年度　子供の学習費調査　文部科学省）

※1 Ang gastos ng pag-aaral ay kabuunan ng gastos ng edukasyon sa school, school lunch fee at gastos ng mga aktibidad sa labas ng school.

### Halimbawa ng kinakailangang gastos

- ☐ Uniform at P.E.uniform
- ☐ Bisikleta para sa pagpasok
- ☐ Pamasahe ng train or bus
- ☐ Mga tool na gamitin sa club activity
- ☐ Deposit para sa school trip atbp
- ☐ Gastos ng klase at mga textbook
- ☐ Gastos ng tutor(juku) para makapasa sa entrance exam
- ☐ Pagbayad para sa entrance exam (sa High school at sa college)
- ☐ Pagbayad ng enrollment (sa High school at sa college)

atbp

Huwag mong madaling isipin na “kung gayon, hindi na ipapasok ang anak ko sa high school…”.

Sa Japan, ang nagpapatuloy ng pag-aaral sa college o Junior college ay tinatayang **58%**, at kapag isinama ang vocational school ay **83%**. (※2) At kaunti lang ang nagtratrabaho muna ng maiksing panahon o’ part time pagkatapos ay babalik sa pag-aaral. (※2　参照：18歳人口及び高等教育機関への入学者・進学率等の推移　文部科学省)

Maraming gasto para maipagpatuloy ang pag-aaral, pero may ganitong support system.

## 就学援助制度 (syuugakuenjyoseido)

就学援助制度▼

Elementary at Junior high…就学援助制度 (syuugakuenjyoseido)

Senior high school atbp…高等学校等就学支援金制度 (koutougakkoutousyuugakusienkinseido)、
奨学給付金制度 (syougakukyuufukinseido)、
Scholarship grants para sa High school

College at mga vocational school… Scholarship grants at iba pa

**Bagaman mayroong mga sistema sa itaas, inirerekomendang kotsu-kotsu mag-ipon ng pera para sa kinabukasan ng anak.**

Mag-ipon tayo ng pera





# ～ Sari-sari tungkol sa Pera ! ～

## ● Allowance/ Perang ibinigay ng magulang sa anak

Ang pagbibigay ng kaunting pera sa anak ay may mahalagang papel para ipaunawa sa kaniya ang kahalagahan ng pera at para alamin niya ang maayos na paggamit ng pera. Habang nagma-manage siya ng pera kayang matuto kung paano magplano para bilhin ang gusto niya at sasanayin din siyang magpigil sa sarili. Kung binigyan siya ng pera bilang gantimpala sa kaniyang pagtrabaho sa gawain sa bahay, kaya niyang matutunan ang isang mekanismo ng lipunan na “magtrabaho upang kumita ng pera.”

Kapag gumawa ng pagkakataon na gumamit siya ng pera tulad ng pamimili sa pang-araw-araw na buhay, hahantong ito sa pag-aaral ng math at wikang Japanese.

Ang karamihan sa batang hapones ay binibigyan ng takdang halaga ng pera kada buwan o binibigyan kapag may pangangailangan. Mas mabuti ang pakikipag-usap sa anak tungkol sa maayos na paggamit ng pera at takdaan ang rule sa inyong pamilya.

## ● After school Lesson and Activities

Sa Japan maraming bata ng elementarya ay natututo ng iba’t ibang lesson gaya ng swimming, calligraphy, soroban, piano, soccer atbp at pumapasok sa tutoring school (juku). Habang tumataas ang grado, mas malaki ang gastos para dito.







## ● After school Jido club (学童保育 gakudouhoiku)

Kapag parehong nagtatrabaho ang mga magulang, may pasilidad kung saan makapaghintay ang mga bata nang may panatag at kaligtasan pagkatapos ng kanilang klase. Depende sa pasilidad iba-iba ang oras at bayaran, pero halos may bayad ang mga ito.

Mas mabuti kung patiunang suriin ninyo kung anong klase ng mga pasilidad ay mayroon sa inyong area.


**愛知教育大学外国人児童生徒支援リソースルーム**

〒448-8542　愛知県刈谷市井ヶ谷町広沢１　TEL：0566-26-2219
e-mail：gendaigp@auecc.aichi-edu.ac.jp　FAX：0566-26-2566

愛知教育大学　リソースルーム



イラスト協力：古屋柚　森嶋純菜　山田優花